ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLIX Blg. 16
Agosto 21, 2018
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Buong sigasig na ipagdiwang ang ika-50 taon ng Partido

Gugunitain ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang ika-50 anibersaryo ng pagtatatag nito sa darating na Disyembre 26. Sa mga susunod na buwan, ilunsad natin ang masigla at malawak na kampanya para ipagdiwang ang natamong mga tagumpay ng uring manggagawa at sambayanang Pilipino sa limang dekadang pagsusulong ng mga rebolusyonaryong pakikibaka sa gabay ng Partido.

Tinatawagan ng Partido ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa, lahat ng api at pinagsasamantalahan na lumahok sa pagdiriwang para ibayong pagtibayin ang determinasyon na isulong nang buong sigasig ang demokratikong rebolusyong bayan.

Taluntunin natin ang nagdaang 50 taong rebolusyonaryong pakikibaka, mula sa pag-usbong hanggang sa pagsulong, sa mga pag-atras at muling pag-abante, at sa mga tagumpay, kabiguan at mas malalaking tagumpay. Bakasin natin ang kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya. Humalaw tayo ng mga aral at inspirasyon sa mga sakripisyo ng mga martir at bayani at mga naunang salinlahi ng mga proletaryong rebolusyonaryo.

Itanghal natin ang mga tagumpay sa nagdaang 50 taon ng rebolusyonaryong pakikibaka. Malalaking tagumpay ang nakamit ng sambayanang Pilipino sa pagsusulong ng armado at iba't ibang anyo ng pakikibaka.

Sa pangungulo ng Partido, tuluy-tuloy na lumalakas ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at matatag na isinusulong ang matagalang digmang bayan. Tuluy-tuloy na nag-iipon ng lakas ang BHB sa armadong pakiki-

*"Buong sigasig...," sundan sa pahina 2*

## Reyd ng BHB sa Northern Samar, tagumpay

MATAGUMPAY ANG REYD na isinagawa ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) laban sa Philippine National Police (PNP) Municipal Station sa bayan ng Lapinig sa Northern Samar noong Agosto 10, ala-1:44 ng madaling-araw. Sa inisyal na mga ulat, nakasamsam ng di bababa sa siyam na armas at iba pang gamit ang mga Pulang mandirigma. Dalawang tauhan ng pulis ang naiulat na sugatan. Dahil dito, sinuspinde ng PNP ang matataas na upisyal sa prubinsya, kabilang ang hepe ng mga pulis sa Lapinig.

Samantala, limang magkakasunod na operasyong haras ang inilunsad ng BHB-North Central Mindanao Region. Sa Misamis Orien-

*"Reyd...," sundan sa pahina 3*

*"Buong sigasig...," mula pahina 1*

baka. Kaagapay ng masang magsasaka, isinusulong nito sa buong bansa ang rebolusyong agraryo at binubuo ang organisadong lakas ng masa at ang kanilang mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Sa buong Pilipinas, itinatatag ang demokratikong gubyernong bayan mula sa antas baryo paitaas.

Binubuo ng Partido ang malawak na pagkakaisa ng sambayanang Pilipino. Pinamumunuan nito ang National Democratic Front, ang pinakamalapad na pinakakonsolidadong bahagi ng nagkakaisang prente. Pinakikilos nito ang demokratiko at patriyotikong mga sektor para lumahok sa armadong pakikibaka. Ito ang nasa gulugod ng malalawak na nagkakaisang prenteng demokratiko at anti-pasista. Sa dalawang pagkakataon, 1986 at 2001, nasa unahan ang Partido ng malawak na pag-aalsang bayan na, katuwang ng iba pang mga pwersa, ay nagpabagsak sa nakaupong reaksyunaryong rehimen.

Ang Partido ay malawak at malalim na nakaugat sa masang manggagawa, magsasaka at iba pang demokratikong uri at sektor sa buong bansa. Ito ang nasa taliba ng hukbong bayan, ng mga organisasyong masa, ng nagkakaisang prente at ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Inilunsad ng Partido ang Ikalawang Kongreso nito noong 2016 na nagpatibay ng Konstitusyon at Programa na ibayong pinayaman ng halos limang dekada ng rebolusyonaryong karanasan at mga tagumpay. Ginagamit na ngayon ang mga dokumentong ito upang malawak na magrekrut ng bagong mga kasapi ng Partido.

Ang mga tagumpay na ito ay tuntungan para dalhin ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa mas mataas na antas sa mga darating na panahon. Masidhi ang paghahangad ng sambayanang Pilipino na isulong ang rebolusyon sa harap ng lalong nagnanaknak na bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal. Palala nang palala ang kinasasadlakan nitong pamalagiang krisis. Ang sagadsaring pasistang paghahari ng rehimeng US-Duterte at ng pinakakinamumuhiang mga reaksyunaryong pangkatin ay kaakibat ng lalong paglala ng krisis ng naghaharing sistema.

Kung gayon, dapat ibayong isulong ang maka-uri at demokratikong mga pakikibaka ng masang manggagawa, magsasaka at iba pang api at pinagsasamantalahang uri at sektor. Dapat ibayong palawakin at palakasin ang nagkakaisang prente laban sa pasista at papet na rehimeng Duterte. Itaas at palawakin ang kamulatan ng mamamayang Pilipino at ikawing ang kanilang araw-araw na pakikibaka sa kabuuang pambansa-demokratikong kilusan.

Ilunsad ang matataginting na taktikal na opensiba kasabay ng paggunita sa ika-50 taong anibersaryo ng Partido. Bigwasan ang mga kriminal na pasistang yunit at upisyal ng rehimeng US-Duterte. Lubos na biguin ang desperadong tangka ni Duterte na gapiin ang armadong rebolusyon. Itanghal ang armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng pakikibaka at itaas ang diwang mapanlaban ng sambayanan at ang kanilang pag-asa sa rebolusyonaryong pakikibaka.

Ang patuloy na pagsulong ng rebolusyong Pilipino sa lahat ng larangan ang patunay ng wastong paglalapat ng Partido ng unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa kongkretong kalagayan ng Pilipinas at ang puspusang pagbaka sa rebisyunismo at iba't ibang anyo ng suhetibismo at oportunismo. Ang teorya at praktika ng rebolusyong Pilipino ay walang patid na umuunlad.

Ang pagdiriwang sa ika-50 anibersaryo ng Partido sa mga darating na buwan ay ginintuang pagkakataon para gamitin ang Marxismo-Leninismo-Maoismo para lagumin ang karanasan sa lahat ng andana at larangan ng pagrerebolusyon. Magbalik-aral sa Una't Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at gamiting gabay ang mga aral at prinsipyo upang pangingibabawan ang mga kahinaan at baklasin ang mga sagka sa pagsulong ng rebolusyon.

Okasyon din ito para ibayong palalimin ang paggagap sa lumalalang kalagayang malakolonyal at malapyudal ng Pilipinas sa harap ng papalalang krisis, nagtatagal na depresyon at tumatalim na mga kontradiksyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Ilahad ang

ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 16 | Agosto 21, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/sine.proletaryo

@prwc_info

fb.com/groups/cppinformationbureau

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Buong sigasig na ipagdiwang ang ika-50 anibersaryo ng Partido 1

Reyd ng BHB sa Northern Samar 1

Pagpapanday ng Partido sa Charlie 3

Mga martir ng Panay, pinarangalan 5

Mga magsasaka, pinaslang ng AFP 6

Pagtatayo ng mga detatsment 7

Pagtitipon ng katutubo sa Ilocos 8

Protesta laban sa *crackdown* 8

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

nagpapatuloy na paghahari at panghihimasok ng imperyalismong US sa ekonomya, pulitika, militar at kultura ng Pilipinas at pagkontrol nito sa neokolonyal na estado.

Ilantad ang sumisidhing mga anyo ng pagsasamantala, pang-aapi at pagpapahirap sa masa ng mga naghaharing uri. Gamitin itong batayan upang ibayong paunlarin ang mga taktika sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na masa. Iluwal ang malawak na kilusan para sa panlipunang pagsisiyasat para ilantad ang aktwal na kalagayan ng ekonomya sa kabuuan at sitwasyon ng masa. Hamunin at pakilusin ang mga intelektwal na punitin ang ilusyon ng "pag-unlad" at alamin ang kongkretong kalagayan ng masang Pilipino.

Sa mga darating na buwan ng paggunita sa ika-50 anibersaryo ng Partido, kilalanin at itanghal ang mga bayani at martir ng rebolusyong Pilipino. Gawin silang inspirasyon at huwaran ng walang-pag-iimbot na paglilingkod sa masa at komunistang tapang at optimismo.

Pakilusin ang pinakamalaking bilang ng mga makata, pintor, dibuhista, kompositor, mang-aawit at iba pang artista upang magluwal ng pinakamaraming posibleng bilang ng rebolusyonaryong likhang sining. Itampok sa mga ito ang 50 taon kabayanihan ng sambayanang Pilipino sa walang humpay na rebolusyonaryong paglaban nila sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Itaguyod ang sining na para sa bayan at itanghal ito sa lansangan at mga komunidad, sa internet at mga bulwagan.

Ideklara sa buong daigdig ang pagdiriwang sa ika-50 taon anibersaryo ng Partido. Ikalat ang ginintuang sinag ng rebolusyong Pilipino sa buong mundo. Mag-ambag sa pagbibigay liwanag sa daan tungo sa panibagong pagdaluyong ng mga demokratiko at sosyalistang rebolusyon ng uring manggagawa at masang anakpawis sa buong mundo. AB

# Ang pagpapanday ng Partido sa Karlo

*Bilang ambag sa paggunita sa nalalapit na ika-50 anibersaryo ng Partido, sisimulan ng* Ang Bayan (AB) *sa isyung ito ang serye ng mga artikulo tungkol sa mga tampok na karanasan sa pagbubuo ng mga sangay ng Partido sa iba't ibang larangan ng rebolusyonaryong gawain. Nananawagan ang patnugutan ng* AB *sa lahat na mag-ambag sa seryeng ito sa pamamagitan ng pagsumite ng inyong tampok na mga kwento.*



Dalawampu't siyam na Pulang kumander at mandirigma ang nagsipagtapos ng Intermedyang Kurso ng Partido (IKP) nitong huling linggo ng Agosto. Kabilang sila sa Karlo, isa sa mga kumpanya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na kumikilos sa kabundukan ng Mindanao.

Ayon kay Ka Rara, ang kalihim ng sangay ng Partido sa loob ng Karlo, bahagi ang inilunsad na IKP sa pagkonsolida sa mga pwersa at pagpapatatag ng sangay ng Partido sa loob ng kumpanya. Sa ilalim ng batas militar ng rehimeng Duterte, tumindi ang atake ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga baryo at komunidad na kinikilusan ng Karlo.

Sa pagitan ng mga labanang inilulunsad upang depensahan ang mga baryo at magsagawa ng mga taktikal na opensiba, kailangan ang gayong tipo ng mga pag-aaral para masariwa at mapataas pa ang pampulitikang kamulatan ng mga kasama.

Ang mga pormal na pag-aaral tulad ng IKP ay bahagi ng masinsin na programa ng sangay para sa

*"Karlo...," sundan sa pahina 4*

*"Reyd...," mula pahina 1*

tal, hinaras ng BHB-Misamis Oriental ang nag-ooperasyong yunit ng 58th IB sa Pulo, Bantaawan noong Agosto 9. Isa ang patay sa mga sundalo.

Sa Bukidnon, Agosto 8, alas-12 ng tanghali, pinaputukan ng BHB ang nag-ooperasyong yunit ng 1st Special Forces Battalion sa Barangay Bontongon, Impasug-ong. Dalawa ang sugatan sa mga sundalo.

Sa sunod na araw, hinaras ng BHB ang *howitzer crew* sa Barangay Bolunay sa parehong bayan. Isa ang patay sa mga sundalo.

Sa Manolo Fortich sa parehong prubinsya, pinagbabaril ng BHB ang detatsment ng CAFGU sa Guilang-guilang noong Agosto 12, alas 9:20 ng gabi.

Noong Agosto 17, alas-10:36 ng gabi, pinaputukan ng BHB ang *command post* ng 2nd Special Forces Company sa Dalwangan, Malaybalay City. AB

Karlo. Sa darating na mga buwan, layunin nina Ka Rara na ibayo pang maparami ang bilang ng tauhan ng kumpanya at itaas ang kakayahan nito sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba.

Upang makamit ito, kailangan ang araw-araw na pagbubuo sa Partido upang magsilbing direktor sa loob ng hukbong bayan. Batid nila Ka Rara na ang pagpapalakas ng Partido sa loob ng Karlo ang susing kawing upang itaas ang kakayahan at determinasyon ng BHB na isabalikat ang mabibigat na tungkulin sa pakikipagdigma.

Nakabatay ang arawang plano ng sangay sa binubuong komprehensibong plano para sa anim na buwan, na hinati-hati sa buwanang mga taktikal na plano. Pinangungunahan ng komiteng tagapagpaganap (KT) ng sangay ang pagbubuo ng planong ito. Tinatasa ang mga gawain ng sangay sa Karlo sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, at naghahanay ng panibagong plano. "Pinakamahaba ang oras na inilalaan namin sa paksa ng pulitika," pagbabahagi ni Ka Rara. "Mula gawaing militar, gawaing masa, produksyon, medikal, hanggang sa pangangalaga sa kalikasan." Dagdag dito, masigla rin ang gawain sa ideolohiya. Ayon pa kay Ka Rara, maliban sa mga pormal na edukasyon, gustung-gusto ng mga kasama ang mga inilimbag na babasahin sa Pambansa Demokratikong Paaralan at karanasan sa Byetnam.

Lahat ng mahahalagang responsibilidad sa kumpanya ng Karlo ay tinatanganan ng mga kagawad ng KT. Sila ang pinakaabanteng mga elemento ng Partido at itinuturing na mga modelo ng disiplina at pagpapatupad ng programa ng Partido. Sa Karlo, mahigit 15 ang nasa KT na nakalubog sa mga platun at iskwad at nagsisilbing mga Pulang kumander, upisyal sa pulitika, lohistika, medikal, paniktik at iba pa. "Magrerekomenda pa kami ng mahuhusay na kasama upang ipaloob sa KT," paglilinaw ni Ka Rara, "para sapat ang bilang ng mga kadre na mag-aasikaso sa mga gawain at sa masang kasapian ng Partido."

Sa loob ng BHB, binubuo ang sangay ng Partido sa loob ng mga kumpanya. Sa Karlo, mabilis na

"Hindi mabubuo ang demokratikong gubyerno ng bayan kung walang hukbong bayan na ang pangunahin at pinakaesensyal na tungkulin ay ipagtanggol at patatagin ito.

**Una sa lahat, ang demokratikong gubyerno ng bayan ay hindi maitatatag kung hindi matagumpay na susulong ang hukbong bayan."**

*Programa para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan, 2016*



naipatutupad ang mga plano ng sangay dahil sa katangian nitong halos araw-araw ay tipon ang mga platun. Nagsisimula at nagtatapos ang mga araw na aktibong gumagampan ng maliliit at malalaking tungkulin ang mga kasapi ng Partido bilang mga Pulang kumander at mandirigma. Sa paggising sa madaling-araw, magbabahagi na ang mga giyang pampulitika ng mensaheng ipapasa sa bawat elemento. "Pwedeng mga rebolusyonaryong sipi, o minsan naman, pang-militar na mga mensahe, halimbawa'y pagpamilyarisa sa alpabetong militar."

Kasunod nito, naghahanda rin ng paksa na tatalakayin ng mga iskwad habang nagkokonsultahan ang yunit kumand, ang pamunuang militar ng yunit. Pagbalik ng mga kumander para sa arawang *briefing,* kabilang sa inihahanay ang pangunahing gawain batay sa takdang araw. "Sinisimulan na namin ang mga resolusyon na mag-uukol ng araw sa bawat pangunahing gawain," ani Ka Rara. Halimbawa nito, ang mga Lunes ay inilalaan sa gawaing literasiya-numerasiya, ang mga Sabado ay para sa gawaing militar at iba pa. "Sa ganyang pag-iiskedyul na namin ipinapasok ang mga gawain, para sa bawat linggo, walang nalalaktawan," dagdag pa niya.

Pagsapit ng hapon, magkokonsultahan ang pampulitikang seksyon upang tasahin ang takbo ng mga gawain. Ang pagtatasa ay mula sa nauna at regular na mga pagtatasa ng mga grupo ng Partido sa iskwad at platun.

Bawat grupo ng Partido sa iskwad ay nagtatasa bawat linggo, at bawat dalawang linggo naman ang grupo ng Partido sa platun. Matapos ang ikalawang pagtatasa ng grupo ng Partido sa mga platun, susumahin ito ng sangay sa Karlo para sa kasalukuyang buwan. Batay dito'y pauunlarin ang programa.

Dahil pangunahi'y panlabang yunit, tinitiyak ng sangay sa Karlo na kanunay o pamalagiang mataas ang diwa at kakayahang lumaban ng bawat upisyal at mandirigma. Paano ito tinitiyak? "Batay sa plano ng sangay, iniaatang sa yunit kumand ang pagbibigay ng pagsasanay sa pulitiko-militar, o mga *crash course* bago ang mga ito," ani Ka Rara.

Dagdag pa, naglalaan ang kumand ng di bababa sa 30 minuto bawat araw para sa ehersisyong militar. Bawat ikalawang araw ay nagkukumustahan ang mga tim upang tasahin ang mapanlabang diwa ng bawat mandirigma. Tuwing ikatlong araw naman ay mayroong punahan at pagpuna-sa-sarili.

Kabilang din sa pagpapanday sa Karlo ang masinsin na pagsubaybay sa mga kasama kung epektibo silang nakagagampan sa iniatang na mga gawain. Ang ginagawa nina Ka Rara, "kung nakikita ng sangay na tila hindi interesado ang kasama sa ibinigay na tungkulin, agad namin siyang binibigyan ng bagong gawain. Kinukonsulta kung ano ang gusto niyang gampanan, at doon namin siya pinabubwelo." Hinihikayat ng mga upisyal sa Partido na magbukas ng kanyang saloobin ang kasama nang sa gayon, "pagdating ng trabaho, wala nang mga bagahe."

Masinsin din ang pagpanday sa mga nakikitaan ng potensyal. Halimbawa ni Ka Rara, kahit may kasalukuyang nakatalagang iskwad

lider, pinapag-*floating* muna siya habang may sinasanay na kahaliling kumander. "Relyebo gyud ang mga tao para makabwelo."

"Karamihan ay mga kasapi na ng Partido," ani Ka Rara. "Ang natitirang ilang mandirigma, bago pa man marekluta, ay pinalalahok na namin sa mga gawain kung saan sila nakikitaan ng potensyal. Agad silang pinahahawak ng tungkulin matapos sumumpa bilang kasapi." Kalimitan, bawat kasapi ng Partido sa mga iskwad ay may hinahawakang tahas, o tungkulin, katulad ng pagiging upisyal sa suplay, medik, tim lider at iba pa. Sa loob ng anim na buwan hanggang isang taon, mabilis na napalilitaw ng sangay ang bagong mga kasapi ng Partido na tatangan ng mga responsibilidad at magpapatupad ng programa ng sangay.

Nasaksihan ni Ka Rara ang nakaraang apat na taon ng Karlo. Nang ipinakat siya sa kumpanya, nasa panahon pa ito ng pagbawi mula sa mga kabiguan. Mula sa isang platun, dinagdagan sila at nagpasampa hanggang sa muling lumaki. Paglipas ng mga taon, masasabing bata ang komposisyon ng sangay sa Karlo. Ang pinakamatandang myembro ay 36 taong gulang pa lamang. Pero tiwala si Ka Rara sa mga maaabot ng kumpanya. Tiwala siyang kakayaning harapin ng mga kasama ang mga sakripisyo. Isang pribilehiyo para sa sangay na ngayon pa lamang, nakapag-aaral at nakapagsasanay na, dahil sa paglaki ng Karlo, kaakibat nito ang mas mabibigat na responsibilidad.

Sa kung ano'ng tipo ng komite ang kanyang tinatanaw, makabuluhan ang binitiwang mga salita ni Ka Rara: "Himsog na kinabuhi sa Partido. Masiglang buhay-Partido sa loob ng Karlo, para makita kung ano pa ang kailangan para maabot ang mga nais kamtin. Bilang pampulitikang direktor ng kumpanya, dapat siya ang pinakasolido, pinakamaagap sa pagtanaw sa mga problema para maagap ding nabibigyan ng solusyon. Kung dili himsog ang Partido, wala ang tanan." AB

# Mga martir ng PKP-Panay, pinararangalan

Pinararangalan ng National Democratic Front (NDF)-Panay at ng buong rebolusyonaryong kilusan ang pitong myembro ng komite sa propaganda at edukasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa isla ng Panay.

Ang pitong kasama ay brutal na minasaker ng pinagsanib na pwersa ng militar at pulis noong Agosto 15, hatinggabi, sa Barangay Atabay, San Jose, Antique.

Sina Felix Salditos (Ka Dudi), Eldie Labinghisa (Ka Ipoy), Peter Mecinas (Ka Elton), Karen Ceralvo (Ka Liway), Liezl Bandiola (Ka Mayang), Jason Talibo (Ka Bebe) at Jason Sanchez ay maituturing na kabilang sa pinakamahuhusay na anak ng bayan. Inialay nila ang pinakamabunga at produktibong mga taon sa pagsisilbi sa mamamayan at pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan sa Panay.

Ang apat sa pitong martir ay mga kadre sa propaganda at kultura. Nagsilbi sa rebolusyon si Salditos sa loob ng 40 taon bilang makata, dibuhista at pintor. Kilala siya sa sagisag sa panulat na si Mayamor, at kamakailan bilang Maya Daniel sa *social media*. Gumampan siyang patnugot ng pangmasang pahayagan ng Panay, ang *Dabadaba*, at dibuhista ng komiks nitong Caduy. Ginagamit ng buong rebolusyonaryong kilusan ang kanyang mga obra sa mga pag-aaral at propaganda. Mayor siyang kontribyutor ng Ulos at ng PRWC.

Si Labinghisa ay isa ring biswal na artista at makata habang sina Bandiola at Ceralvo ay paminsan-minsang nagsusulat ng tula habang gumagampan bilang mga instruktor ng mga pormal na pag-aaral ng Partido sa rehiyon.

Sa isang pahayag noong Agosto 15, mariing kinundena ni Ka Concha Araneta, tagapagsalita ng NDF-Panay, ang brutal na pagmasaker ng pinagsanib na pwersa ng 301st IBde, 61st IB at pulisya sa pitong kasama.

Inatake ng di bababa sa 100 armadong tauhan ng estado ang tinigilan nilang bahay at pinaslang sila habang natutulog. Nasa Barangay Atabay noon ang mga kasama para magsagawa ng pananaliksik at imbestigasyon sa kalagayan ng mamamayan ng Antique, ang pinakamahirap na prubinsya ng Panay.

Pinabulaanan ni Ka Concha ang nilubid na mga kasinungalingan ng AFP at PNP para pagtakpan ang ang kanilang krimen. Masaker, hindi labanan, ang naganap. Hindi armado at hindi maaaring ituring na mga kombatant ang pito. Ani Ka Concha, hindi totoong unang nagpaputok ang mga kasama. Ang tanging nagpaputok ay ang mga mersenaryong tropa, na tumigil lamang sa pagpapaulan ng bala nang tiyak na nilang patay ang lahat na nasa loob ng bahay.

Malaking kabulastugan din ang ipinakitang armas na ginamit diumano ng mga kasama para lumaban. Napakalinaw na tanim na ebidensya ang sinasabi ng pulis na granada, .38 kalibreng pistola at isang M203 granada (walang riple) na hindi naniwala kahit ang midya sa kasinungalingang lumaban ang mga kasama sa loob ng 30 minuto gamit ang mga ito. Nagpalusot pa ang PNP na maghahain lamang diumano sila ng mandamyento de aresto sa dalawa sa mga pinaslang.

Ani Ka Concha, mahirap tanggapin na sa isang iglap, nawalan ang rebolusyonaryong kilusan ng mga kasamang punung-puno ng abilidad, talento, talino at kasigasigan. "Binigyan-buhay nila, gayundin ng musika, sigla at buhay ang rebolusyonaryong propaganda at kultura para sa inaaping mamamayan, para sa tunay na kalayaan, hustisya at kapayapaan," ani Ka Concha.

"Hindi magtatapos sa ating mga luha ang ating pagluluksa," sabi pa ni Ka Concha. "Nanaisin ng ating mga rebolusyonaryong martir na itransporma natin ang ating pighati sa tapang at itaas ang ating mga kamao at buong lakas na isigaw na isulong ang rebolusyon!" dagdag pa niya. AB

# Mga magsasaka, pinatay sa mga operasyong kombat ng AFP

Dalawang magsasaka ang patay at isa ang sugatan nang walang pakundangang inistraping ng mga elemento ng 23rd IB at CAFGU ang kanilang pinagpapahingahang kubo noong Agosto 5, alas-5 ng umaga, sa Purok 4, Barangay Oro, Esperanza sa Agusan del Sur. Napatay sina Juan Precioso at Kent Montilla at nasugatan si Robert Tambilisan habang nakaligtas sa pamamaril sina Joseph Tambilisan at Tata Merano. Ang lima ay pawang mahihirap na magsasaka na nasa lugar para maghawan ng sakahan.

Noong araw na iyon, maagang bumaba sa kubo sina Precioso at Joseph Tambilisan para maghanda sa pangatlong araw ng paghahawan. Hindi pa sila nakalalayo sa kubo nang bigla na lamang silang pinaulanan ng bala. Agad na namatay si Precioso habang nakatakbo si Tambilisan. Si Kent Montilla, na noo'y nasa loob ng bahay, ay tinamaan sa ulo habang umiiwas sa mga putok.

Kinilala ang mga salarin na mga elemento ng CAFGU, kasama ang dalawang sundalo ng 23rd IB na nakabase sa mga detatsment ng CAFGU-CAA sa mga barangay ng Tandang Sora at Guadalupe, kapwa sa Esperanza. Para pagtakpan ang kanilang krimen, idineklara ng AFP na mga myembro ng BHB ang mga magsasaka, na diumano'y nakipagputukan sa kanila. Pinasinungalingan ito ng mga residente ng Barangay Oro at mga kamag-anak ng mga biktima.

Sa Bukidnon, isang magsasaka ang pinatay at isa ang nasugatan nang pagbabarilin sila ng mga elemento ng 403rd IBde sa Sityo Camaca, Barangay Bontongon, Impasug-ong noong Agosto 8, bandang alas-9 ng umaga. Napatay si Anyong Minio at sugatan ang kanyang kapatid, parehong residente ng naturang barangay. Nagsasagawa noon ng "nakapokus" na operasyong kombat ang mga sundalo laban diumano sa mga yunit ng BHB sa lugar. Katulad sa ibang insidente, pinalabas ng AFP na mga Pulang mandirigma ang pinaslang nilang sibilyan.

Sa sunod na araw, tatlong beses na binomba at inistraping ng mga helikopter ng AFP ang mga sakahan sa itaas ng baryo. Nagdulot ito ng takot sa mga residente at nagtulak sa di bababa 40 indibidwal na magbakwit tungo sa sentro ng Impasug-ong. Pinagbawalan din ang mga residente sa mga kalapit na baryo na lumabas sa kanilang mga komunidad para bumili ng pagkain o tumungo sa kanilang mga sakahan.

Sa Masbate, tuluy-tuloy ang paghahasik ng teror ng militar sa Barangay Talisay, San Fernando. Noong Agosto 11, iligal na pinasok at hinalughog ng mga sundalo mula sa 2nd IB at 19th MICO ang hindi bababa sa siyam na bahay ng mga sibilyan. Pinagkukuha ng mga sundalo ang mga personal na gamit ng mga residente nito, kabilang ang pera, selpon, telebisyon at maging pabango. Maliban sa pagnanakaw ay pinagsasampal at binugbog din ang mga biktimang sina Sally Bona, Ramon Bartolay at mag-asawang Paeng at Jeneve Bartolay. Ang pangyayari ay pangatlong insidente na ng pang-aabuso at pagnanakaw ng mga sundalo sa lugar.

Sa Mt. Province, tuluy-tuloy na kinampuhan ng mga elemento ng 81st IB ang Sityo Dandanac, Barangay Tamboan, Besao matapos ambusin ng BHB-Mt. Province ang kanilang tropa noong Hulyo 14-15. Ginawang base ng mga sundalo ang ilang bahay ng mga residente, kabilang ang mga bahay nina Carol Bagyan, tagapagtanggol ng karapatang-tao at myembro ng Cordillera People's Alliance, at Rhoda Dalang, pinuno ng Center for Development Programs in the Cordillera. Inobliga ng mga sundalo na kumuha ng "safe conduct pass" o palagiang magpaalam ang mga residente para lumabas ng baryo at hinigpitan ang kanilang mga kilos. Dahil dito, apektado ang pagtatrabaho ng taumbaryo sa kanilang mga sakahan. Nagresulta ito sa pagkaantala ng kanilang pag-ani, at dahil dito, maging ang kanilang kasunod na pagtatanim.

Sa Davao Oriental, sapilitang pinagbakwit ng 67th IB ang may 200 Lumad at magsasaka sa Barangay Tomoaong, Tarragona matapos ang serye ng mga taktikal na opensiba na inilunsad ng BHB sa lugar noong Hulyo 27. Nagpataw din ng blokeyo sa pagkain ang mga sundalo para pigilan ang pagbili ng pagkain ng mga magsasaka.

**Pang-aaresto at panggigipit**

Sa Sorsogon, iligal na inaresto ng 31st IB si Amadeo Grayda, isang sibilyan, at pinalabas na aktibong kasapi ng BHB-Sorsogon nitong Agosto. Si Grayda, residente ng Barangay Catanusan, Juban ay noon pang 2009 tumiwalag sa BHB. Anang BHB-Sorsogon, ang iligal na mga pang-aaresto ng mga sibilyang katulad ni Grayda ay bahagi ng paghahabol ng militar sa kanilang target na gapiin ang BHB sa buong bansa sa loob ng taon. Palatandaan ito ng kanilang desperasyon.

Noong Agosto 11, iligal na inaresto at sinampahan ng gawa-gawang kaso ang mag-asawang Rowena at Oliver Rosales, kapwa dating organisador ng COURAGE. Inaresto sila habang bumibyahe sa Barangay Wawa, Balagtas, Bulacan. Noong 2015, ginawaran ng Korte Suprema ang mag-asawa ng *writ of amparo* (proteksyon laban sa sarbeylans at panggigipit mula sa AFP), kasama ng iba pang kasapi ng COURAGE.

Noong hatinggabi ng Agosto 8, hinarang ng Bureau of Immigration at hindi pinapasok sa bansa si Prof. Gill Boeringer, isang Australian na propesor, sa dahilang dumalo diumano siya sa mga rali laban sa APEC noong 2015. Pinwersa siyang bumalik sa Australia noong Agosto 14, matapos ng isang linggong pamamalagi sa loob ng paliparan. Myembro si Prof. Boeringer ng International League of Peoples' Struggles (ILPS) at aktibong sumusuporta sa mga pakikibaka ng

masang anakpawis sa iba't ibang bahagi ng mundo. Kabilang siya sa listahan ng mga myembro ng ILPS, kapwa dayuhan at Pilipino, na bawal nang papasukin sa bansa. Direkta itong paglabag sa karapatan ng mga indibidwal at mamamayan na lumahok sa anumang mga pagkilos para sa pagsusulong ng batayang mga karapatang-tao at pundamental na mga kalayaan.

### Kontra-opensiba sa ligal

Matagumpay na naipabasura ng mga abugado ng apat na aktibista ang pagbibilang sa kanila sa listahan ng mga "terorista" na inilabas ng rehimeng Duterte noong Nobyembre 2017. Pinirmahan ng Manila Regional Trial Court noong Hulyo 27 ang isang resolusyong nagsasaad na hindi maaaring papanagutin sina dating Bayan Muna Rep. Satur Ocampo ng Bayan Muna, Rafael Baylosis, Victoria Lucia Tauli-Corpus at Jose Melencio Molintas sa kaso ng pagdedeklara sa Partido Komunista ng Pilipinas at BHB bilang mga "teroristang organisasyon." Ito ay dahil nakatuon ang naturang deklarasyon sa "organisasyon, asosasyon o grupo ng mga indibidwal" at hindi sa partikular na mga indibidwal. Ang apat ay kabilang sa 600 indibidwal na ipinadedeklara ng Department of Justice bilang mga terorista sa isang kasong isinampa nito noong Pebrero.

Noong Agosto 8, ibinasura naman ng korte sa Nueva Ecija ang gawa-gawang kaso ng pagpaslang laban sa apat na dating kongresista ng blokeng Makabayan. Ipinakansela rin nito ang mandamyento de aresto laban kina Satur Ocampo, Teddy Casiño, Liza Maza at Rafael Mariano. Ito ay pagkatapos maghain ng P2 milyong pabuya ang mga alipures ng rehimeng Duterte para ituro ang kinaroroonan ng apat bago ang araw ng pagdinig.

Ayon sa Karapatan, umabot na sa 700 ang mga iligal na inaresto ng rehimeng US-Duterte. Nasa 129 mga aktibista at tagapagtanggol ng karapatang-tao ang iligal na inaresto at sinampahan ng mga kaso mula nang itayo ang Inter-Agency Committee on Legal Action (IACLA) noong Oktubre 2017. Ang IACLA ay ahensyang binubuo ng mga upisyal ng militar at pulis. AB

# Mga detatsment ng AFP, itinatayo sa NEMR

Sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, lalong pinarami ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang mga itinatayo nitong detatsment ng militar sa Mindanao. Partikular sa rehiyon ng Northeast Mindanao, hindi bababa sa 100 ang mga detatsment ng AFP at CAFGU. Ilan sa mga ito ay ilang dekada nang nakatayo, tulad sa Padiay, Sibagat sa Agusan del Sur; Bolhoon, San Miguel sa Surigao del Sur; Puting Bato, Cabadbaran sa Agusan del Norte; at Marga, Tubod sa Surigao del Norte. Sa kasalukuyan, mabilis na dinadagdagan ang mga ito.

Susing bahagi ng Oplan Kapayapaan at batas militar ang paglalatag ng mga detatsment na ito sa loob o paligid ng mga sibilyang komunidad. Ginagamit ang mga ito para tiktikan, takutin at gipitin ang mga sibilyan sa magkakanugnog na baryo at maghasik ng ligalig sa mga komunidad.

Ang mga detatsment na ito ay nagsisilbing gwardya ng umiiral nang mga imperyalistang negosyo at sa mga lugar na nais nilang saklawin. Instrumento ang mga ito para ipagtanggol ang mga lupa at iba pang ari-arian ng mga dayuhang korporasyon, gayundin ng mga lokal na panginoong maylupa habang sinusupil ang mga karapatan at kabuhayan ng malawak na masang magsasaka at katutubo sa kanayunan.

Sa loob ng mahabang panahon, nagsilbi ang mga ito bilang mga sentro ng mga gawaing anti-sosyal, tulad ng iligal na droga, pagnanakaw, pangingidnap at iba pang krimen.

Talamak sa mga detatsment na ito sa pangingikil sa maliliit na minero, magtotroso at iba pang maliliit na negosyo, kasabwat ang mga grupong paramilitar. Sa NEMR, kakutsaba nila ang pinakamasasahol na paramilitar tulad ng grupo nina Hasmen Acebedo, Marcos Bocales, Rico Maca at Calpet Egua. Binabayaran din sila ng malalaking kapitalista at panginoong maylupa sa pang-aagaw ng lupa para sa mga komersyal na plantasyon at mina.

### Sentro ng rekrutment ng CAFGU

Nagsisilbing sentro ang mga detatsment ng sapilitang rekrutment para sa CAFGU. Lingid sa kaalaman ng taumbaryo, isinasama ng mga sundalo ang pangalan ng mga residente sa listahan ng mga dapat magpa-"clear" sa militar. Nagpapataw ang AFP ng kota sa mga upisyal ng barangay para sa mga bagong rekrut na CAFGU at sapilitang ipinaiilalim sa pagsasanay-militar. Nagpapataw din ng kota ng mga bagong rekrut ang AFP sa mga upisyal ng



barangay. Ang mga hindi nakatutugon ay pinarurusahan.

Pinangangakuan ang mga rekrut ng CAFGU ng alawans pero madalas na hindi ito ibinibigay o kung ibinibigay man ay malaki na ang kinaltas ng mga upisyal. May mga pagkakataong itinuturing ng mga sundalo na "utang" ang mga sweldo ng CAFGU at pinababayaran pa sa kanila nang may 20% interes.

Ang mga tauhan ng CAFGU ay ginagawang alipin sa mga detatsment. Ginagamit din sila bilang pampain at panangga sa mga operasyong kombat.

Sa pangkalahatan, nagsisilbing mga *forward deployed force* ang mga detatsment sa mga lugar na pinaghihinalaan ng AFP na mga base ng BHB. Sentro ang mga detatsment na ito hindi lamang ng mga operasyong kombat, kundi pati ng mga operasyon ng mga *peace and development team* (PDT).

**Salot sa mamamayan**

Malayung-malayo sa katotohanan ang pahayag ng AFP na hiniling diumano ng mga sibilyan ang pagtatayo ng mga detatsment sa kanilang mga komunidad. Sa aktwal, aktibong nilalabanan ng mamamayan ang mga ito. Ilan lamang dito ang kaso ng pagtutol ng mga residente sa Lianga, Surigao de Sur at Lagonlong, Misamis Oriental. Dito, sapilitang nagbakwit ang mga residente ng mga komunidad na may itinayong mga detatsment para takasan ang pang-aabuso at matinding militarisasyon ng kanilang lugar.

Mahaba na ang listahan ng mga paglabag sa karapatang-tao sa mga komunidad na may detatsment ng AFP at CAFGU. Marami nang kaso ng iligal na pang-aaresto, pambubugbog, panloloob sa mga bahay ng sibilyan at pamamaslang ang naisadokumento sa mga lugar na ito. Madalas ding ipinapataw dito ang mga restriksyon tulad ng *curfew* at mapaminsalang mga blokeyo sa pagkain at komersyo na pumipigil sa kilos ng mga residente at umaapekto sa kanilang kabuhayan. AB

# Unang pagtitipon ng mga katutubo sa Ilocos, idinaos

Sa Ilocos Sur, nagtipon ang may 60 kinatawan ng mga tribong Bago, Isnag-Yapayao at Tingguian mula sa Ilocos Norte, Ilocos Sur at La Union. Inilunsad nila ang First Ilocos Indigenous Peoples Convergence and Consultation noong Agosto 9 sa Cabugao, Ilocos Sur.

Sa pagtitipon, nagbahagi ng karanasan at kalagayan ang iba't ibang grupong minorya sa rehiyon. Napapanahon ang aktibidad dahil pangunahing target ng proyektong imprastruktura ni Duterte ang kanilang lupang ninuno. Pinangunahan ng Ilocos Region Ecumenical Council ang naturang aktibidad.

Ayon sa pahayag ng mga delegado, ang proyektong *hydropower* at eko-turismo ng rehimen ay nagpapalala sa pangwawasak at sapilitang pagpapalayas ng korporasyong mina sa mga lupang ninuno. Kabilang sa mga inihapag na usapin ng mga dumalo ang hindi pagkilala ng lokal na gubyerno sa kanilang kinatawan, tulad nang sa La Union.

Inihapag naman ng isang myembro ng tribong Isnag-Yapayao ang hindi pagkilala ng lokal na gubyerno sa pagtanggi ng kanilang tribo na magbigay ng pahintulot sa mga dayuhang kumpanya ng enerhiya sa Caunayan, Pagudpud sa Ilocos Norte. Dahil bigong makakuha ng pahintulot ang naturang kumpanya, nakipagsabwatan ito sa National Commission for Indigenous Peoples na nagtayo ng isang pekeng organisasyon para matuloy ang kanilang mga operasyon.

Binatikos naman ni Nick Laden ng tribong Bago at lider ng Timpuyog ti Mannalon ti Karayan Buaya ang National Irrigation Authority sa pagtatayo nito ng dam sa kanilang munisipyo sa kabila nang walang permiso mula sa mga residente.

Sa pagtatapos ng pagtitipon, nilagdaan ng mga dumalo ang isang deklarasyon ng pagkakaisa. Binigyang diin nila ang pagkakait ng rehimeng US-Duterte sa kanilang karapatan na gamitin at paunlarin ang kanilang lupang ninuno at ang pagbabalewala nito sa kanilang mga pangunahing pangangailangan. Kinundena rin nila ang pagkakait sa kanilang karapatan na mamuno, mamahala at paunlarin ang kanilang kakayahan sa ekonomya at paunlarin ang kanilang kultura.

**Araw ng mga Katutubo**

Noon ding Agosto 9, naglunsad ng koordinadong protesta ang mga balangay ng Kalipunan ng Katutubong Mamamayan ng Pilipinas sa iba't ibang syudad ng Maynila, Nueva Vizcaya, Baguio, Pampanga, Iloilo, Surigao del Sur, Davao City at Misamis Oriental bilang paggunita sa Pandaigdigang Araw ng mga Katutubo.

Sa mga protestang ito, kinundena nila ang sistematikong paglabag ng rehimeng US-Duterte sa kanilang mga karapatan. Sa kanilang tala, umabot na sa 47 katutubo ang pinaslang sa ilalim ng rehimen. Nakapagtala rin sila ng 24 insidente ng pambobomba na nagresulta sa sapilitang pagbabakwit ng 27,000 katutubo sa buong bansa. Nasa 384 naman ang mga insidente ng pang-aatake sa ang mga komunidad ng katutubo. Sa Mindanao, 72 paaralan na ng mga Lumad ang nakasara dulot ng tuluy-tuloy na militarisasyon at panggigipit ng AFP sa kanila. AB

## Protesta laban sa *crackdown*

BILANG PAGKUNDENA sa pampulitikang panunupil at atake ng rehimeng Duterte, nagprotesta ang mga progresibong organisasyon sa Mendiola, Maynila noong Agosto 16. Ayon sa kanila, muling binuhay ni Duterte ang mekanismo ng rehimeng Arroyo sa pagsupil ng karapatang-tao. Itinaon ang pagkilos sa paggunita sa unang taon ng pagkakapaslang kay Kian delos Santos sa ilalim ng hungkag na gera kontra-droga ng rehimen.